

1

Tahimik na sinundan ni Miranda ang driver na may dala ng mas malaki niyang bagahe. Ayaw man niyang aminin, nalula siya nang iparada nito sa harap ng isang napakalaking bahay ang kotseng ipinansundo sa kanya sa airport. Bahay iyon ng paternal grandfather niya.

In short, bahay ng kanyang ama. The father she'd lost seven years ago. Iginupo ito ng sakit na leukemia. At tumanggi ang lolo niya na tulungan silang ipagamot ito.

Napangiti siya nang mapakla. Lumaki siya sa America at matagal na panahon na hindi niya nakapiling ang abuelo.

Ilang sandali pa'y nakatuloy na sila ng driver sa sala. Centralized ang air-conditioning sa bahay. Maaliwalas at maliwanag kahit saan siya tumingin.

Every room in the house seems to be a living room.

Nadako ang tingin niya sa malapad na staircases.

“Siya ba ang apo ni Don Theo?” tanong ng tinig sa likuran niya.

Napabaling siya sa nagtanong, isang may katandaang babae. Nakita niya na nakangiting tumango ang driver.

“Ako po si Miranda,” pagpapakilala niya.

“Ako si Aling Josie, ang katiwala dito sa mansion. Nakilala mo na marahil si Duarte, ang driver. Si Dell, anak ko,” tukoy nito sa kasunod na kasambahay.

Tumango siya. Ipinaakyat nito sa anak ang bagahe na dala ng driver. Naiwan sa kanya ang shoulder bag at handcarry luggage.

“Ihahatid na kita sa magiging kuwarto mo. Tatawagin na lang kita kapag kakausapin ka na ng iyong lolo.”

Tumalikod na ito patungo sa hagdanan. Walang imik siyang sumunod. Nakita niyang lumabas ang driver sa pintuan na pinanggalingan ni Dell. Papunta siguro sa kusina ang daang iyon.

May sariling banyo ang silid na pinagdalan sa kanya. Matapos makapagpahinga saglit ay nag-shower siya at nagpalit ng mas komportableng damit. Paglabas niya ay may nakahandang pagkain sa bedside table. Uminom lang siya ng tubig. Hindi niya maramdaman ang gutom.

Napalingon siya nang may kumatok sa pinto. Bumukas iyon pagkatapos niyang magsalita.

“Ipinapatawag po kayo ni Don Theo.”

Kumilos na siya. Hindi niya kabisado ang bahay at hindi niya alam kung saan ang kuwarto ng matanda. Isang malaking pagkakamali yata ang ginawa niyang pag-uwi.

Biglang bumilis ang tibok ng puso niya, pero lalo siyang nahirapang huminga. Parang naliliyo siya.

Dumaan sila sa isang mahabang pasilyo. Sa dulo niyon tumigil ang katulong. Binuksan nito ang isang pinto at pinatuloy siya. Pinilit niyang lumakad sa kabila ng panginginig ng mga tuhod.

“Miranda Price,” anang matandang lalaki na nasa wheelchair. May male nurse sa likuran nito.

“Miranda Ashley Price Montefalco,” linaw niya.

Parang inukit sa bato ang mukha ni Don Theo. May hawig doon ang kanyang ama, pero hindi iyon kababakasan ng kabaitan na kinasanayan niya. Abuhin ang buhok nito, *aristócrato* ang dating ng matangos na ilong, at parang lapis ang pagkakatuwid ng mga labi. It was the chin. Ganoon na ganoon ang baba ng kanyang ama. Ito nga ang lolo niya.

“Dinala mo pala ang apelyido ng anak ko. Akala ko ay isusunod ni Terrence pati pangalan niya sa babaeng iyon,” anito.

Ni hindi nito mabanggit ang pangalan ng kanyang ina.

“May pangalan ang mama ko,” aniya.

Tumawa ito nang bahaw. “Turista lamang ang iyong ina na nakilala ng aking anak dito. Gaya mo, napakaganda niya at naakit ang iyong papa. Pero hindi ako nagkamali. Parehong-pareho kayo ng iyong ina. Pakinabang lang ang iniisip n’yo.”

Hindi siya kaagad nakasagot. Nais niyang sigawan ito, magbato ng masasakit na salita. Pero sa tuwina, tinatakan siya ng tapang tuwing may umaatake sa kanya. Saka siya nakakaisip ng isasagot kapag nakaalis na ang nang-aabuso.

“Wala kayong karapatan na husgahan ako,” tanging nasabi niya.

To think na nagagawa nitong pagsalitaan nang ganoon ang sariling apo sa harap ng isang empleyado. Alam niyang nakikinig ang nurse.

“Wala nga ba? Hindi ba sapat na dahilan na nandito ka dahil sa isang kontrata?”

“Palabasin n’yo siya,” mahina pero mariing utos niya, ang nurse ang tinutukoy.

Waring napahiya ang nurse. Wala siyang pakialam.

Tumawa ang don. “Nahihiya ka? Bakit? Totoo, hindi ba?”

“Lalabas siya o ako ang aalis at hindi na ako kailanman tatapak sa lugar na ’to,” banta niya. Nag-iwas siya ng tingin.

“Get out,” saad ng don.

Nanigas siya, inisip na siya ang tinutukoy nito. Biglang parang gusto niyang pagsisihan ang katigasang pinairal. Pero nagulat siya nang nagkukumahog na kumilos ang nakaunipormeng lalaki. Humingi pa ito ng paumanhin bago lumabas.

Ngayon, sa kanya na nakatingin ang abuelo.

“Maupo ka,” utos nito.

“Hindi na,” tanggi niya. Sinikap niyang huwag ipahalata na nakahinga siya nang mas maluwag.

“Matapang ka. Nakikita kong mas matigas ang ulo mo kaysa sa iyong ama. Hindi ka ba natatakot na kalimutan ko na lang ang kasunduan natin?”

“At pakiramdam ko nakipagkasundo ako sa demonyo,” saad niya. “Siguro nga mas mabuting kalimutan na lang natin pareho ang kontrata.”

“At sa tingin mo papayagan kitang makaalis ng bansa?” hamon nito.

Hindi niya alam kung mapapanatag siya o lalong dapat kabahan sa sinabi nito. So, tuloy ang kasunduan.

“Trabaho ang ipinunta ko dito.”

“Nagpunta ka rito para ipagbili at ipagamit ang katawan mo. Iyon ba ang trabahong ipinagmamalaki mo sa akin?” tuya nito.

“Iyon ang trabahong inialok mo!” sigaw niya. “At sa sarili mong apo!”

Tumawa ito. “Isang apo na hindi man lang ako maiisip na dalawin o kausapin kung hindi pa siya nangangailangan ng malaking pera para sa lalaki niya.”

Hindi siya nakasagot.

“Hindi ka ba nahiihiya? Magpup*ta ka dahil lang sa isang lalaki,” patuloy nitong kutya.

“Wala kayong karapatan na pagsalitaan ako ng

ganyan. Buhay ko ito at katawan ko. Tinalikuran n'yo ang mga magulang ko, pero hindi ako papayag na mawala sa akin ang taong mahal ko kung may magagawa rin lang ako. Ngayon kung gusto n'yong umurong—"Nanginginig ang buong katawan niya.

"Maupo ka na bago ka pa bumagsak sa kinatatayuan mo," sarkastikong utos nito. "Nakahanda na ang kontrata, pipirmahan na lang. Padating na ang mga abogado."

Naupo siya sa settee na nakadikit sa dingding. May center table sa harap niyon. Pinagulong nito ang wheelchair sa harapan niya.

"Magpapakasal ka sa lalaking pinili ko. Pagkatapos mong pirmahan ang kontrata mamaya, matatanggap mo ang kalahati ng kabuuang bayad. P'wede mong ipadala iyon kaagad sa lalaki mo. It can be in dollar or in peso, your choice. Ang natitirang kalahati ay matatanggap mo sa oras na isilang mo ang una kong apo. Kapag puwede na siyang iwan, ibibigay mo sa akin ang bata at babalik ka na sa America. Hindi mo na siya puwedeng makita kahit kailan. Hintayin mo ang divorce papers sa New Jersey."

Ano ang isasagot niya roon? Alam na niya ang tungkol doon bago pa siya nagtungo sa bahay na ito. Nanaig ang nakabibinging katahimikan.

“Hindi mo man lang ba itatanong kung anong klaseng tao ang pakakasalan mo?” tanong nito, nakatitig sa kanya.

“Duda ako kung pipili ka ng pangit na kriminal para maging ama ng sarili mong dugo at laman,” nagtatagis ang mga bagang niyang tugon.

Isang matapang na mukha ang ipinapakita ni Miranda, pero sa loob ay nadudurog siya. Para siyang nakakulong sa isang bangungot at tuwing magigising siya ay nakagapos pa rin siya sa masamang panaginip. Binabayo ng takot ang dibdib niya. Pero ayaw niyang mahalata iyon sa kanyang mukha.

“Kakaiba ka,” tuya nito.

Tumayo na siya sa kabila ng patuloy na pangininginig ng mga tuhod.

“Babalik na lang ako kapag dumating na ang abogado.” Tumalikod na siya.

“Ang iyong papa...” habol nito nang nasa pinto na siya.

“Wala na siya, matagal na. At kahit hindi kayo interesado, dalawang taon na mula nang mamatay ang mama ko.” Hindi na niya ito hinarap.

“Saan nakalibing ang iyong papa?”

“Marami kayong pera. Bakit hindi n’yo gamitin para malaman n’yo?” Binuksan niya ang pinto.

Naroon nakatayo ang nurse na pinalabas kanina. Hindi ito makatingin nang tuwid sa kanya.

“Kailangan ko pong bantayan ang kalusugan ng don,” nahihiyang paliwanag nito. “Hindi po makabubuti sa kanya ang labis na magalit o magdamdam.”

Walang sagot na nilagpasan niya ito.

Pagbalik ni Miranda sa kuwarto, saka lang niya napansin ang cordless phone na nasa isang sulok ng kuwarto. Extension siguro. Nang iangat niya, gumagana; may dial tone. Naisipan niyang tawagan ang isang dating kaklase sa junior high na alam niyang dito na sa Pilipinas namamalagi.

“Diyan po ba nakatira si Pauline Sevilla?” tanong niya sa sumagot.

“Dito nga. Sino sila?”

“Si Andy po, kaibigan niya. Puwede po ba siyang makausap?”

“Sandali lang.”

“Andy?” paniniguro ng nasa kabilang linya.

“Pauline, si Andy ’to.”

“Hey, long time no hear. And see. Where are you calling from?” May twang pa rin ang boses nito.

“Sa... sa bahay ng lolo ko dito sa Quezon City.”

“You’ve got to be kidding me. Hindi ko alam na may kamag-anak ka dito. Wala kang nabanggit. I thought your dad was an orphan. Anyway, kumusta na?” tuluy-tuloy na ratsada nito.

“Listen, can you meet me? Saan ba tayo puwedeng magkita? Iyong madali kong mapupuntahan.” Kailangan niyang lumabas. She felt so suffocated.

“Leave it to me. Do you have a cellphone?”

“Ah... no,” pag-amin niya.

“Oh. Okay, just call for a cab. Magpahatid ka sa *Varro’s Bar and Restaurant*. Jot down the address,” anito, pagkatapos ay idinikta iyon. “Got it?”

“Yes,” sagot niya. “What time?”

“Around eight. Don’t worry. I’ll look for you.”

Nagpaalam siya sa kanyang lolo para itanong na rin kung hanggang anong oras niya kailangang

hintayin ang abogado. Sinabi ng matanda na bukas na gagawin ang pirmahan. She needed the money ASAP. Pero may hangganan ang pagpapakababa niya. Hindi niya alam kung sinusubukan lang siya ng abuelo kaya nito ginagawa iyon. Tingin niya ay maayos naman ang lagay nito. Baka nagpapaawa lang at nagpapanggap na may karamdaman.

She was just too numb to feel anything for anyone.

Lingid kay Andy ang humahangang tingin ng mga nasa paligid, mapa-lalaki o babae. Iginala niya ang tingin sa dimly lit restaurant na binanggit ni Pauline. Wala pa ang kaibigan. Kunsabagay, maaga siya. Quarter to eight pa lang.

Sinabi niya ang pangalan ng babae sa waiter na sumalubong sa kanya. Inihatid siya nito sa isang naka-reserve na mesa. Napabuntong-hininga siya nang makaalis ito.

“That was deep,” anang isang pamilyar na tinig.

Pagbaling, isang ngiti ang sumilay sa labi niya. Nakatayo sa tabi ng mesa ang kaibigan.

“Pauline...” Tumayo siya upang yakapin ito.

“Kumusta na?” tanong nito pagkaupo nila.

“I’m fine. Ikaw ba?”

“Well, as you can see, I’m still my bubbly self. Pero ikaw, duda ako sa sinasabi mong fine ka. No offense, Andy, you look as pretty as a teacup rose pero parang problemado ka,” dere-derechong sabi nito.

“Family problems,” she said.

“Hindi na ba natapos ’yan? Nang umalis ako sa States, ’yan na ang problema mo. Worse?”

Nagkibit-balikat siya. Si Pauline lang siguro ang tao na napagkuwentuhan niya ng kanyang buhay. Alam nito na naghiwalay ang parents niya noong ten years old siya. Na siya ang kasama ng ama nang matuklasang may sakit ito, hanggang sa mamatay ito noong fourteen siya. She lived with her mother and her stepfather after that. Hanggang sa mapilitan siyang tumira sa kapatid ng ina nang sixteen siya. When she turned eighteen, she took on every decent job possible and lived by herself.

Pero marami pa ring hindi alam ang babae tungkol sa buhay niya. Lalo na at matagal na silang walang balita sa isa’t isa.

“Where did you go to college? Parang gusto ko

tuloy bawiin ang tanong. Kasi kahit sabihin ko—”

“Hindi ako nakapag-college, Paul,” maliwanag na sagot niya.

Namula ito. “Isinara ko na lang talaga dapat ang bibig ko,” tila napahiyang sabi nito.

“It’s okay.”

“Sabagay, bata pa naman tayo. We’re only both twenty-one, right?” anito. Tumango siya. “Sa talino mo, puwedeng-puwede kang mag-aral dito.”

“Hindi ako nagpunta rito para mag-aral,” linaw niya.

Tigagal ito. “Palagay ko, mabuti pang kumain muna tayo. I keep putting my foot in my mouth. Puwede bang ikaw ang mag-initiate ng conversation? Parang puro offensive ang nasasabi ko.”

“No, no. It’s really refreshing. Alam mong ikaw lang ang nakakausap ko nang ganito. You’re the only person I could open up to. Kahit ano’ng gusto mong pag-usapan, game ako.”

“Baka mapasubo ka,” hamon nito. Tumawag ito ng waiter para mag-order.

Natawa siya. “Let’s talk about you, then. So,

anong course ang kinuha mo?” Itinuro lang niya sa waiter ang meal na gusto niya.

“Industrial Engineering. Safety engineer ako ngayon sa isang Japanese company sa Laguna. Naka-leave ako today kaya naabutan mo ’ko sa bahay.” Sinabi nito sa waiter ang sariling order.

“Medyo hindi ako familiar sa mga lugar dito pero malayo iyon sa QC, di ba?” tanong niya nang makaalis ang waiter. Taga-Quezon City rin si Pauline.

“May shuttle naman, kaya okay lang. May kotse rin ako, kaya walang problema kahit maiwan ng shuttle.”

Tahimik silang kumain at nag-uusap manakana. Napansin niya nang parang kumislap ang mga mata nito.

“The night just keeps getting better and better,” anito, lagpas ang tingin sa kanya.

Bahagyang nakakunot ang noo na napalingon si Miranda. Bigla niyang binawi ang tingin nang tagpuin iyon ng matiim na pares ng mga mata. Nakadama siya ng pagbilis ng tibok ng kanyang puso.

2

“Ang guwapo niya, ’no?” parang nangangarap na saad ni Pauline.

“Sino?” kunwa’y abala sa pagkain na tanong niya.

“Iyong dumating. Hay naku! Hindi ko alam kung bakit walang appeal sa ’yo ang mga lalaki. I don’t think you’re normal, Andy. Kung ibang lalaki, mapapalampas ko pa. Pero si Randall Soledad? Tell me, Andy, lesbian ka ba?”

Natawa siya. “You’re crazy,” sabi na lang niya.

“Kasi pakiramdam ko, kahit lesbian ay magiging babae pag nakilala si Randall.”

“Paul, I don’t think lesbian iyong kasama niya ngayong gabi,” naiiling na saad niya. “I would go as far as saying na nakaka-tomboy ang ganda niya,” she said in a sultry voice.

“Stop it, Andy. Hindi bagay sa ’yo. In all fairness, mas maganda ka sa babaeng iyon. Nabubulagan lang si Randall dahil halos ipakita na ni Angela ang kaluluwa niya.”

Lalo siyang natawa. “I do believe you missed

your vocation, Miss Sevilla. Dapat yata nasa show business ka. Why, chismis ito, ha!” biro niya.

“Do be serious, Andy.”

Nag-angat siya ng tingin dito. “Okay. Bakit ba parang concerned na concerned ka? Sino ba sila?”

“Randall is a family friend. And Angela, well, ex siya ni Kuya.”

“Naiintindihan ko. You’re bitter for your brother. Pero, Paul, it’s their lives. At mature na sila. Alam na nila ang ginagawa nila.”

“Parang hindi kasi, eh.”

Mapait siyang umiling dito. “How’s your brother, by the way? Ten years ang agwat niya sa ’tin, di ba?”

“Eight. He’s twenty-nine now. Second mate na siya sa barko matagal-tagal na. I seem to remember you having a little crush on him. He’s on a cruise right now. Malapit na ang uwi niya.” Naging pilya ang ngiti nito.

“Ikaw talaga. Matagal na iyon.”

“Pero si Kuya lang ang alam kong naging crush mo,” patuloy nito.

“Sige na. Punta tayo sa bar?” Pinagmasdan niya

ang counter sa di-kalayuan. Mas madilim doon, pero mas madaming tao.

“Ikaw ba talaga si Andy? That girl would never invite me to a bar.”

“Ikaw ang nagyaya sa ’kin dito,” pagtutuwid niya.

Pakiramdam niya kasi ay may nakatingin sa likod niya. Parang tumataas ang balahibo niya sa batok at nababatubalani siyang lumignon.

“I did, pero para lang kumain.”

“Hindi tayo iinom kung ayaw mo.”

“Says who? Let’s paint the town red, Darling.”
At tumayo na ito.

Nagmamadali siyang sumunod dito. Pinili nila ang dalawang pinakadulong stools sa counter. Nagring ang cellphone ni Pauline. Nagpa-excuse ang dalaga para masagot iyon. Sinamantala niya ang pagkakataon para sabihin ang instruction niya sa bartender.

Clear water sa martini glass. Extra olives. Napatingin sa kanya ang bartender na para bang may tama na siya. Nginitian niya ito. Nagkibit-balikat ang lalaki at sinunod ang gusto niya. Nang bumalik si Pauline, napatingin ito sa inumin at pagkatapos

ay sa kanya.

“I didn’t know you had it in you,” saad nito.

“I don’t,” sagot niya. She wanted to laugh at her own joke. “So, what are you gonna drink?”

“That’s either vodka or gin in yours. Kung scotch on the rocks kaya?” sagot nito.

“Paul, please stick to cranberry or apple juice. Ayokong makarating sa kuya mo na bad influence ako.”

“Know what? I wouldn’t mind having you for a sister-in-law,” Pauline said.

Tumawa lang siya. “I can’t. I’m getting married already.”

“What!” sigaw nito. Napatingin dito ang mga naroon sa malapit. “Hindi mo puwedeng gawin iyon!”

Umiling siya. “Hindi puwedeng hindi, eh.”

Naupo ito sa tabi ni Miranda, nakalimutan na ang gagawing pag-order ng inumin dahil sa sinabi niya.

“So, what’s the story?”

“It’s nothing romantic. Pero kailangan.”

“You’re pregnant?” Kalahating tanong lang iyon.

Nanlaki ang mga mata nito.

“Geez, no!” natatawang sagot niya.

“Of course not. Hindi ka iinom kung buntis ka.”
Tumingin ito sa martini glass na di pa niya nagagalaw.

Namutla siya sa narinig. She would have to get pregnant to get the rest of the money. At kailangan niyang magsilang ng isang malusog na tagapagmana. Gusto niyang maupos sa kinauupuan. Narinig na lang niya na nagsasalita na muli si Pauline.

“I know just the thing for reluctant brides like you.”

Nakita niya kung saan nakapako ang tingin ng kaibigan. Sa dalawang tao na iniwan nila kanina sa restaurant. Sa lalaking nakaupo ngayon sa kabilang dulo ng counter, kahilera nila. Ang lalaking iniwasan niya kaya siya nag-aya sa bar kahit iyon ang pinakahuling lugar na gusto niyang puntahan.

“I think I need to go home now,” Andy said.

“No, Andy. A fling is what you need. You know, one last fling before the big day?” Mula kay Randall Soledad, ibinalik ni Pauline ang mga mata nito sa kanya.

“No way,” mariing sagot niya. A fling?

At hindi lang basta fling ang tinutukoy nito. Ang lalaki pa na sa unang tingin pa lang ay parang hinuhubaran na siya. Pero ang ikinakatakot niya, hindi niya makumbinsi ang sarili na mali ang ginagawa nito. Para bang binibigyan pa niya ito ng permiso na gawin iyon. Kaya tumakas na lang siya.

“Hindi ko sinasabi sa ’yo na gawin n’yo all the way,” balewalang sagot ng kasama niya. “Gusto ko lang makita ang mukha ni Angela sakaling may ibang babae na umakit kay Randall. Gusto kong ipamukha sa kanya na hindi siya kasing-espesyal ng iniisip niya.”

“Paul, galit ka lang dahil sa nangyari sa Kuya Paris mo. And it’s not to say na papatulan ng Randall na iyan ang kalokohan natin,” sagot niya.

“Andy, alam mo, kung kasing-ganda mo lang ako at kung sa akin lang napunta kahit kalahati ng hubog ng katawan mo, ako mismo ang aakit kay Randall. Pero matagal ko na siyang kilala at alam kong kahit kailan, hindi siya titingin sa direksyon ko kaya—”

“Hindi ko alam kung para ito sa iyo o sa kuya mo. Please, Paul, ’wag mo akong gamitin,” pakiusap niya.

“You’re getting married. Walang mawawala sa ’yo. It’s not as if the guy would know. Tagarito ba siya?”

“Hindi ko alam,” saad niya na umiling.

Nanlaki ang mga mata nito. “For goodness’ sake, Andy! Pakakasalan mo bakit hindi mo yata alam kung tagasaan? You’re crazy,” sabi nito. “Bakit mo ba ginagawa ito?” Naroon na ang concern sa tinig ng kaibigan.

Ayaw niyang pag-usapan. Maybe she needed that fling.

“Ano’ng gusto mong gawin ko?”

“What?” litong tanong nito.

“Para iganti ang Kuya Paris mo. Ano’ng gusto mong gawin ko?” ulit niya.

Napanganga ito pagkatapos ay isinara ang bibig. Huminga ito nang malalim. “Di bale na lang.”

“Last chance, Paul.”

“Gusto kong halikan mo si Randall Soledad sa harap ni Angela. A full kiss. On the mouth. Iyon lang.”

Iyon lang? *Fine*. But since she didn’t know how to kiss, Randall would have to be the one to kiss her. Binuksan niya ang bag at sinilip ang dalang wallet. Wala nang libre ngayon.

May isanlibong buo at ilang dadaanin. She fished

out the one-thousand peso bill. She crumpled the bill in one hand and left her bag with Pauline.

Sigurado ang mga hakbang ni Miranda patungo sa nakatalikod na lalaki. Tila naramdaman nito ang presence niya, hindi niya kinailangang hawakan ang balikat nito para lumingon ito. Tumayo ang lalaki sa harap niya at bahagya siyang nalula sa tangkad nito. Halos hindi pa siya umabot sa balikat nito.

Hindi talaga puwedeng siya ang manghahalik. She couldn't reach him, for one.

“Hi,” he said. Nakangiti ito.

Nakita niyang naningkit ang mga mata ng babae na nakaupo sa stool sa likuran nito. Mula rito ay nagangat siya ng tingin sa kaharap.

“Gusto kong bumili ng halik,” walang ngiting sagot niya.

Sukat doon, nagdilim ang mukha ng binata. Naningkit ang mga mata nito.

“Gusto ko ng halik galing sa iyo. Puwede na ba ang isang libo?” Ipinakita niya ang lukot na pera sa kanyang kamay.

Naghiyawan ang mga lalaki sa paligid na nakarinig ng sinabi niya. May pumalakpak, may

sumipol. May mga bastos na patutsada. Umikot sa paligid ang tingin ng babae na may pangalang Angela. Parang gusto nitong isaboy ang laman ng hawak na kopita sa mga nasisiyahan sa palabas.

Pakiramdam niya, kung pagbibigyan siya ng lalaki, maraming pipila para magbayad at makakuha ng halik galing dito.

“Come on, Dude, kiss the beauty. She wants it badly.”

Hindi niya inaasahan ang galit na dumaan sa mukha ng lalaki. Pero tila lalo itong gumuwapo. Napatitig lang siya rito, tila namamagneto sa lakas at karisma na taglay nito. Hanggang sa mapagtanto niya na pinag-aaralan din nito ang kanyang mukha—ang makinis niyang balat, ang malambot niyang mga labi.

Namula siya ngunit bago pa siya nakapag-iwas ng tingin at nakakilos para tumalikod, hawak na nito ang mga balikat niya. Parang bakal ang mga braso nito na yumakap sa kanya. Halos mapugto ang kanyang hininga sa pagkakalapat ng bibig nito, nagpaparusa iyon, taliwas sa nababasa niya sa libro na nagsasabing matamis ang halik. Sapilitan nitong ibinuka ang bibig niya at kinuyumos ang kanyang mga labi, na tila iyon lang ang paraan upang maibsan ang galit nito. Na para bang napakalaking kasalanan ng ginawa niya

at tinapakan niya ang pagkalalaki nito.

Nakadama siya ng pagkahilo. Para siyang mahihimatay sa mga bisig ng lalaki. Naramdaman marahil nito na nawalan siya ng lakas habang yakap nito. Tumigil ito sa paghalik sa kanya at humugot siya ng malalim na hininga para padaluyin ang hangin sa kanyang utak. Napatingin siya sa mga mata nito at nagtaka sa pagkagulat na rumehistro roon.

Ilang saglit silang nanatiling walang imik, di kumikilos. Mabilis pa rin ang tibok ng puso niya. Napansin niyang wala na ang galit sa mukha nito. At hindi na rin siya hawak ng lalaki. Kanina pa siya malaya.

Tumalikod na siya.

“Miss...” habol nito.

Tumigil siya pero di lumingon.

“You forgot to pay me.”

Naghiyawan uli ang mga tao sa bar.

Humarap siya at ibinato sa dibdib nito ang pera. Malinis nitong nasambot iyon. He put it in his right pocket. Pagkatapos ay kinuha nito ang wallet. May hinugot ito mula roon.

Plastic money? Ano ang ginagawa ng lalaking ito?

“Name your price,” anito, iniaabot sa kanya ang card. “Sky’s the limit. Pero matindi pa sa halik ang gusto kong kapalit.”

She turned in time para makitang naibuga ni Pauline ang in-order niyang fake martini. Kinuha niya rito ang kanyang bag at dere-derechong lumabas ng bar. Ni hindi ito nakahabol sa kabiglaan.

3

“Tuloy,” sagot ni Andy habang sinusuklay ang mahabang buhok. Light brown ang kulay niyon, natural, mana sa ina na may lahing Italyana pero Amerikano ang ama.

Pumasok si Aling Josie. “Ano’ng gusto mong agahan? Dadalhan na lang kita dito dahil wala ka nang kasabay sa ibaba.”

“Bahala na po kayo,” sagot niya. “Kahit kape lang po.”

But the old woman brought her a big breakfast. Coffee, juice, toast, eggs and bacon.

“Kumain ka lang kahit anong oras mo gusto. Magpahanda ka kay Dell sa ibaba. May kanin.”

“Ayos na po ito,” sagot niya.

Pagkakain, tumayo siya sa harap ng bintana. Hindi niya alam kung alin ang silid na ginagamit doon ng kanyang ama. Nag-iisang anak ito. But the room she was in was yellow. Isa sa mga guest rooms marahil. Tila nakadama ng kaunting saya ang puso niya sa isipin na minsan ay tumira rito ang papa niya.

Bumalik ang isip niya sa nangyari nang nakaraang gabi.

Siraulong lalaki 'yon...

Para takasan ang eksenang pilit nagsusumiksik sa kanyang isip, lumabas siya ng silid at maingat na bumaba ng hagdanan. Nakarinig siya ng tila pagtatalo mula sa isang silid at lumapit siya roon.

Boses ng lolo niya ang isa. Ang isa ay...

“Hindi ko maaaring pakasalan ang apo n’yo. Iba ang gusto kong mapangasawa. I’m sorry, Don Theo.”

Kilala niya ang boses na iyon! Kahit saglit lang niya iyong narinig. Hinding-hindi iyon mawawala sa isip niya. Pinapalaya na siya nito sa kasunduan. Sa kontrata nito sa kanyang lolo.

Pero hindi nangangahulugan iyon na malaya na siya. Kailangan pa rin niyang magpakasal. At magkaanak. Hindi nga lang sa lalaking ito.

Hindi kay Randall Soledad.

She would have to face another stranger. Kakayanin pa ba niya ang takot na hatid niyon? Paano kung doon nakasalalay ang buhay ng taong pinakamamahal niya? Paano siya tatanggi?

Si Randall man o ibang lalaki, buo na ang loob niya. Magpapakasal siya.

Iyon ang inilagay niya sa sulat niya sa kanyang lolo. Kailangan niya ng malaking halaga sa lalong madaling panahon. Babayaran niya sa kahit anong paraan na gusto nito. Kahit habambuhay ang kapalit. Kahit buhay niya ang kapalit. She was willing to go to that extent.

At ito ang hinihiling na kabayaran ng matanda.

Pero tumanggi ang lalaking gusto nito para sa kanya. Kailangan lang ng lolo niya na humanap ng iba. Mayaman ito. Maimpluwensya. Napakadali nitong magagawa iyon.

Ilang gabi rin niyang pinag-isipan kung papayag sa gusto nito. Wala siyang naging karelasyon kahit kailan. Kahit kaibigan ay mailap sa kanya. Sina Pauline at Paris lang ang natatandaan niya na naging malapit sa kanya.

Ang emosyon na pinaghahagikgikan ng mga naging kaklase, katrabaho at kakilala niya, hindi pamilyar sa kanya. Hindi siya komportable sa presence ng mga lalaki.

Bago ito lahat sa kanya—the contact with the male of the species. Nang nakaraang gabi lang niya

iyon talaga naranasan. At hindi niya sigurado kung nagustuhan niya ang agresibong pamamaraang iyon.

Randall's kiss was savage, almost brutal. And the way he looked at her—it was sensual. Parang nakasunod ang mga mata nito sa kanya kahit saan siya magpunta. Parang gusto niyang lumapit at tumakas sa parehong pagkakataon.

Nakauwi siya ng Pilipinas dahil na rin sa lolo niya. Ito ang nag-ayos ng lahat. Or, at least, ang pera nito.

Ang tanging nakakaalam kung saan siya talaga pupunta at kung para saan ay ang lawyer na kaibigan ng kanyang papa.

Ngayong alam na niya na si Randall Soledad pala ang gusto ng lolo niya na maging ama ng anak niya, baka puwede niya itong pakiusapan? Hindi niya alam kung kakayanin ng loob niya ang masamang sorpresa ng panibagong estranghero.

“Napakabata mo pa, Andy. At napakainosente,” ani Atty. Cherrie Miller. “Sigurado akong hindi papayag ang papa mo sa kasunduang ito kung nabubuhay pa siya.”

“Pero wala na po siya,” sagot niya.

“Nauunawaan ko kung bakit kailangan mong gawin ito pero... naiintindihan mo ba ang gusto ng lolo mo na gawin mo? Wala kang alam sa...” For a lawyer, tila naubusan ito ng bokabularyo. “Hindi ito maganda, Andy. Pag-isipan mo pa.”

“Kailangan ko lang po ng abogado para intindihin iyong ibang nakasulat sa kontrata. Kung mahirap po sa loob n’yo o labag sa prinsipyo n’yo ang pumayag... gusto n’yo po ba na humanap na lang ako ng ibang attorney?”

“No! Ako ang hahawak nito. Ibinilin ka sa akin ng iyong papa at pangangatawanan ko iyon alang-alang sa pagkakaibigan namin.”

Ang totoo, may open-dated return ticket siya pabalik ng New Jersey. Mukhang matutuloy ang paggamit niya ng ticket na iyon nang mas maaga. Hindi naman siguro siya masyadong kakawawain ng lolo niya. Baka pahihiramin din siya nito ng pera kahit hindi muna siya tumupad sa usapan.

Itinulak niya ang bahagyang nakaawang na pinto at tuluy-tuloy na pumasok.

“Miranda, mabuti gising ka na,” bati ng kanyang lolo. “Bueno, kung hindi talaga kita mapipilit na pakasalan ang apo ko, hayaan mong ipakilala ko

man lang kayo. Miranda, this is Capt. Randall Soledad. Randall, ang nag-iisa kong apo, si Miranda Montefalco.”

Gaya nang nagdaang araw, nasa wheelchair si Don Theo. Napansin niya na may tungkod sa tabi nito. Wala rin ang male nurse sa paligid.

Tumayo ang binata at bumaling sa kanya. Nakita niya ang dalawa pang lalaki na nasa isang bahagi ng library.

Lawyers, she thought.

“Miranda, our lawyer Atty. Cruz and Atty. Santos, Randall’s legal representative,” patuloy ng lolo niya.

Lumapit ang dalawang nakatatandang lalaki at kinamayan siya. Bahagya lang siyang tumango sa mga ito. Alam niyang namumula ang kanyang mukha. These men knew of the contract. At alam nilang tinanggihan na siya ng lalaking ipinagkasundo sa kanya.

And here I am—still prostituting myself.

Bumalik ang dalawang abogado sa puwesto ng mga ito. At nadako ang tingin niya sa lalaking hindi pa kumikilos mula sa kinatatayuan nito. Nang humakbang ito palapit, kinailangan niyang kumapit

sa isang upuan. Mabilis niyang ipinuwesto ang sarili roon sa takot na hindi siya suportahan ng mga tuhod.

“Narinig ko ang pag-uusap n’yo,” mahinang sabi niya.

“Mabuti, hindi ko na kailangang ipaliwanag sa ’yo,” anang lolo niya. “Kailangan kong humanap ng ibang lalaki para maging ama ng tagapagmana ko.”

Namutla si Miranda. Iniisip na niya iyon kanina. Pero bakit ngayon ay hindi pa rin siya handa? Kanina lang ay buong-buo ang loob niya. Nag-init ang kanyang mga mata.

Naramdaman niyang kinuha ng lalaking nakatayo sa tabi niya ang isa niyang kamay, inilalagay roon ang baso ng alak.

“Inumin mo,” utos nito.

Hawak pa rin nito ang kamay niya.

Umiling siya. “Hindi ako umiinom ng alak.” Pilit niyang isiniksik ang baso pabalik sa kamay nito.

Mapangutya ang mga mata nito, parang sinasabing nakita nito ang in-order niya nang nakaraang gabi. Pero ikinuha siya nito ng tubig.

“Salamat,” sabi niya.

Bumalik ang binata sa inuupuan nito kanina.

“Ayos ka lang, Hija?” tanong ng kanyang abuelo.

Tumango siya. “Puwede ba tayong mag-usap? Tayong tatlo lang?”

“Akala ko ba narinig mo ang pag-uusap namin? Hindi na kailangang isali sa usapan si Randall. Sige, Hijo, alam kong marami ka pang gagawin,” pamamahiya sa kanya ng matanda.

“May oras pa ako,” sagot ni Randall. “Atty. Cruz, Atty. Santos, p’wede bang iwan n’yo muna kami?” maawtoridad na utos nito.

Alertong sumunod ang dalawang tinawag. Lumabas ang mga ito ng silid.

“What is this about, Miranda?” tila inip na tanong ni Don Theo.

Sa halip na sagutin ito ay tiningnan niya nang patagilid si Randall.

“Narinig ko na may iba kang gustong mapangasawa. Ayos lang iyon. Hindi ko kailangan ng kasal. Pero gusto ng lolo ko—”

“Miranda!” Dumagundong ang boses ng matanda.

“Patapusin n’yo ako,” mariing saad niya. Wala

siyang pakialam kung lumabas siyang impertinente. Papanawan na siya ng katinuan kapag nagtagal pa ang trahedyang ito. “Gusto ng lolo ko ng tagapagmana. Subukan natin. For a month or less. Pag hindi ako nabuntis, either ikaw o ako ang may problema at malaya ka na.”

“Gusto ko ng lehitimong tagapagmana!” malakas na sabi ng lolo niya.

“Kung gayon, kapag buntis na ako saka n’yo ako ihanap ng ibang lalaki na papayag na pakasalan ako at panagutan ang bata kapalit ng malaking halaga. Tatal, d’un kayo magaling. Sa pagpapaulan ng pera,” mapait na sabi niya. “At ikaw,” baling niya kay Randall, “magkaanak man tayo o hindi, wala ka nang pakialam. After all, payag ka naman na iwan ang bata sa lolo ko pagbalik ko sa America.”

Namula ang guwapong mukha ng binata.

“Bakit ba atat na atat kang matuloy ang pirmahan ngayon?” tahasang tanong ng lolo niya.

“Dahil kailangan ko na ang ipinangako n’yong pera,” prangkang sagot niya.

“Ah, lumabas din ang totoo. Bakit? Kinukulit ka na ba ng lalaki mo sa America? Tumawag na ba siya?” marahas na tanong nito.

“Wala kayong pakialam sa dahilan ko. Tumutupad lang ako sa kasunduan. Wala sa kontrata natin na maghihintay ako nang matagal. Akala ko ay naayos n’yo na ang lahat. Kaya ako umuwi. Hindi n’yo sinabi na wala palang *palabra de honor* ang lalaking gusto n’yo para sa ’kin.” Inirapan niya ang tinutukoy na lalaki.

Sukat doon ay tumayo si Randall.

“Pakakasalan ko ang apo n’yo. Let’s seal the contract now.” Tumingin ito sa kanya. “Sa akin ka magkakaanak. Sa akin ka magpapakasal.”

Kahit saglit, hindi sumagi sa isip ni Andy na isang katulad ni Randall ang mapapangasawa niya. Ano ang posibleng kailangan nito sa kanyang lolo? At bakit nagbago ang isip nito?

Bakit nito kailangang makipagkasundo sa matanda? Mayaman ito, matalino. Sa pananalita nito, ang dating sa kanya ay ito ang tipo ng tao na hinihingan ng utos. Hindi lang dahil hawak nito ang kapangyarihan kundi dahil dito umaasa ang lahat para sa desisyon.

At higit pa ito sa guwapo. Sigurado siyang maraming magagandang babae ang nakapaligid dito.

Mga babae na malamang ay kapareho nito ng estado sa buhay—matalino, may mataas na pinag-aralan. Bakit kailangan nitong pumayag sa isang kontrata kung saan tila dehado ito?

Paano ngayon ang babae na nais nitong pakasalan? Si Angela ba iyon? Bakit payag itong ipahiram ang pangalan at sarili sa kanya? May iba ba itong motibo? May galit ba ito sa lolo niya? Pero kanina ay naabutan niya itong umuuring sa kasunduan. Surely, hindi nito gagawin iyon kung may plano itong maghiganti.

Pagkapirma nila ng kontrata, nauna nang lumabas ang dalawang abogado.

“Andy, ihatid mo na si Randall sa garahe,” pukaw ni Don Theo sa paglalayag ng kanyang isip. “Kung gusto mo ay magpahatid ka na rin sa driver natin sa bangko. Para maipadala mo na ang pera sa nangangailangan,” saad ng matanda. Tila naubos na ang sarkasmo sa tinig nito.

Hawak niya ang sobre na naglalaman ng tseke. Malaking tulong iyon...

“Andy, narinig mo ba ako?”

Tumango siya at mabilis na tumayo.

“Ipatawag mo ang nurse kay Josie,” pahabol nito.

Nakita niyang nagkamay ang dalawang lalaki. Lumabas na siya para hanapin mismo ang nurse. Hinintay niya si Randall sa main door. Pagdating nito, hinawakan ng lalaki ang kamay niya at inakay siya palabas ng bahay. Hindi niya alam kung saan siya dadalhin nito, pero ni hindi siya makaimik para magtanong man lang.

Tumigil sila sa tabi ng kotse nito.

“Gusto mong ihatid kita sa bangko?” tanong nito.

Umiling siya. Tumingin siya sa mukha nito at napansin ang tensyon sa mga labi nito. She could smell his expensive cologne. Na-co-conscious siya kapag nasa paligid ito at bago ang pakiramdam na iyon sa kanya.

Hindi sila maaaring magpakasal. Hindi niya kayang makasama ang lalaking ito nang matagalan. Parang mahahawakan ang kung ano sa hangin kapag magkasama sila sa iisang lugar.

Hindi siya tatagal na kasama ito ng isang buwan. O makisama rito hanggang sa maipanganak niya ang bata gaya ng isinasaad sa kontrata.

She could not be his wife. Hindi niya kayang

magkaanak dito. Magpapaliwanag siya sa lolo niya. Desperado lang siya kanina. She wanted the money badly. At ngayong hawak na niya...

Parang naulit lang ang nangyari nang nakalipas na gabi. Binayaran niya ito para sa isang halik. At dahil anak na ang hinihingi ng partido nila ngayon, mas malaki na ang singil nito. Kung noong nakaraang gabi ay si Randall ang handang magbayad ng malaking halaga, ngayon ang lolo niya naman.

Biro man o hindi ang ginawa ng binata para isalba ang pagkalalaki nito, nananatili ang katotohanan na hindi siya hahalikan nito o pakikisamahan kung di dahil sa pera.

Kausapin niya muna kaya ito? Mas matatanggap ng kanyang lolo ang paliwanag kung manggagaling iyon kay Randall. Tutulungan kaya siya ng binata?

Hindi kaya alam na nito kung sino siya kagabi kaya nagmamadali itong nagpunta rito ngayon? Para sumira sa kasunduan. At ipinagpilitan niya pa ang sarili niya...

“Captain...”

“Randall ang pangalan ko.”

“Randall,” ulit niya, “nakilala mo ba ’ko kagabi?

Ibinigay ba sa 'yo ni Lolo ang picture ko? Kaya ba hindi mo inaalis ang tingin sa akin sa restaurant?"

Umiling ito.

Nakahinga siya nang maluwag. So, hindi ang masamang biro nila ni Pauline kagabi ang dahilan kung bakit ito umuurong sa kontrata.

"Are you healthy?" tanong nito. "O kailangan mo ba ng general checkup?"

Napatingin siya rito.

"Kung ikaw ang magiging ina ng mga anak ko—"

"Tungkol diyan, hindi ko yata kayang ituloy. Huwag na lang nating ituloy. Kalimutan na natin." Ngayon siya nakaramdam ng panic.

Galit ang lalaking ito sa kanya. There was a pent-up force in him concerning her. Isang emosyon na hindi niya maipaliwanag. Pero nararamdaman niya iyon kagabi pa. Mula nang magtama ang mga mata nila.

"Hindi ko kayang magpakasal sa 'yo. Puwede bang bumalik tayo sa loob at ikaw ang magsabi kay Lolo? Nakita mo naman siguro kanina kung paano niya ako tratuhin," patuloy niya.

“Pinapaikot mo ba ’ko? Kanina, nasa iyo na lahat ng pagkakataon. Nakaurong na ako. Pero napakarami mong sinabi. Kesyo wala akong *palabra de honor*, na baka hindi kita kayang bigyan ng anak. Hinamon mo pa ’ko ng live-in—for a month or less—your words. Sinabi mo na kaya kong pabayaang magiging anak ko sa ’yo. Nagpaka-gentleman ako. Pinangatawanan kita. ’Tapos ngayon, gusto mong bumalik tayo sa loob at sabihin sa lolo mo na hindi na natin itutuloy ang lahat? Pagkatapos mong makuha ang pera? Pagkatapos kong pumirma? Gusto mong isipin niya na pabago-bago talaga ako ng isip?”

“Only a man would look at it that way,” she said. Hindi niya inisip na ganoon ang dating dito ng lahat ng sinabi niya.

“Dahil lalaki ako, Miranda. You’re getting a real man, Sweetheart. I hope maliwanag sa ’yo kung sino ang magsusuot ng pantalon sa relasyon natin.” He smiled. “At ano’ng pumasok diyan sa kukote mo at gusto mong umurong sa kontrata? Dahil nakuha mo na ang pera?”

Bakit ba sa halip na palakasin nito ang loob niya ay parang tinatakot pa siya nito? Ibinubuyo sa pagpapakasal dito?

“Paano ang babaeng mahal mo?”

“Gagawa ako ng paraan para mahalin pa rin niya ako pagkatapos ng lahat ng ito.”

Napailing siya. “Please, Randall, huwag na lang nating ituloy.” Tumalikod siya.

“Saan ka pupunta?”

“Papakiusapan ko si Lolo. Sasabihin kong ipahiram niya sa akin ang pera. Magpapakasal ako sa iba. Anybody but you. Makikiusap ako sa kanya. Dahil ang tigas mo. Hindi mo ’ko maintindihan,” naiiyak na sabi niya nang muling humarap dito.

“You’ll be talking to the wrong man, Sweetheart,” sagot nito.

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Basahin mo ang pangalan sa tseke.” Hinintay nitong gawin niya iyon. “It has my name on it printed by the bank, dahil sa dollar account ko iyan iwi-withdraw.”

Napatingin siya rito. “What...”

“It means na binayaran ko ang lolo mo para bigyan mo ako ng anak.”